

Et ideo cum Angelis et Archangelis, cum Thronis et Dominationibus, cumque omni militia caelestis exercitus, hymnum gloriae tuae canimus, sine fine dicentes: — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

Kaya't kasama ng mga Anghel at Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon, at ng mga Potestad at ng buong hukbo ng langit, umaawit kaming walang humpay sa iyong kadakilaan: — Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Is 7:14

ECCE Virgo concipiet et pariet filium: et vocabitur nomen ejus Emmánuel.

TIGNAN ninyo! Ang isang birhen ay maglilihi at magsisilang ng isang lalaki, at tatawaging Emanuel.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

SUMPTIS munéribus, quésumus, Dómine: ut, cum frequentatióne mystérii, crescat nostræ salútis effectus. Per Dóminum.

YAMAN din lamang na aming natanggap ang inyong mga biyaya, hinihiling namin sa inyo, Panginoon, upang sa bawat pagtanggap nitong misterio, maging kapupunan sa amin ang nakakagaling nitong bisa. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristo...

Maiksing Pagninilay

Nalalapit na ang pinananabikan nating kapistahan! Ang mga Panalangin sa Misa ngayong araw ng Linggo ay patungkol sa ating pagsusumamo sa Diyos na mahabag Siya sa atin at lingapin tayo.

Isa sa mga dapat nating pagnilayan ngayon ay ito: ano ba ang maihaharap ko sa Diyos sa kaniyang pagdating? Sa oras na ako'y mamatay at hahatulan na ang aking kaluluwa? Sabi ni Apostol San Pablo sa Sulat na ating narinig, ihahayag ng Panginoon ang lahat nating ginawa, mabuti o masama, at ipagkakaloob ang nararapat na gantimpala.

Inihahanda na ba natin ang ating mga puso, ang ating kalooban upang marapat na humarap sa Kaniya? Itinuwid na ba natin ang mga masasamang nakasanayan natin? Nagpakababa na ba tayo sa harap ng Diyos at umamin sa ating mga pagkakamali? Mga kapatid ko, sana'y kapag tayo'y tinawag ng Diyos sa kaniyang harapan, mai-alay natin ang ating puso na puspos ng pag-ibig. Papasukin natin si Kristo sa tahanan ng ating mga puso nang may malinis na kalooban at pamumuhay; kung ganito ang ating laging gagawin, tiyak na ang ating buhay-Cristiano ay magiging makabuluhan.



IKA-APAT AT HULING LINGGO NG ADBIYENTO

Misa "Rorate"

• I cl. • Semidoble • Lila

Latin Mass Society of Cavite

Kilusan ng Misang Latin

sa Lalawigan ng Cavite

Comision Para sa Pagsasalin

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 45:8

RORATE coeli, désuper, et nubes pluant iustum: aperiátur terra, et gérmínet Salvatórem. — *Ps 18:2* Cœli enárrant glóriam Dei: et ópera mánuum eius annúntiat firmaméntum. *V.* Gloria Patri. Gaudete.

PAAMBUNIN, O Sangkalangitan, ang hamog mula sa kaitaasan! At mga ulap, iulan ninyo ang siyang matuwid! Ikaw ay bumuka, O lupa, at pausbungin ang Tagapagligtas! — *Salmo 18:2* Inihahayag ng langit ang kadakilaan ng Diyos: ang gawa ng kaniyang kamay ay ipinhahayag ng kalawakan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Paambunin...

▪ *Hindi aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

EXCITA, quésumus, Dómine, poténtiam tuam, et veni: et magna nobis virtúte succúrre; ut per auxiliúm grátia tuæ, quod nostra peccáta præpédiunt, indulgéntia tuæ propitiatiónis accéleret: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

PASIGLAHIN Mo, hinihiling namin, O Poon, ang iyong kapangyarihan at ika'y pumarito: sa pamamagitan ng inyong dakilang kalakasan kami'y saklolohin; upang sa kung ano ang binabalakid ng aming mga sala ay madaliin ng iyong maawaing kabutihan. Siyang nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

SULAT • 1 Cor 4:1-5

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

MGA KAPATID: Dapat ninyong kilalanin na kami ay mga lingkod ni Cristo at katiwala ng mga hiwaga ng Diyos. Ang katiwala ay kailangang maging tapat sa kanyang panginoon. Walang anuman sa akin kung ako ay hatulan ninyo, o ng

alinmang hukuman ng tao; ako man ay hindi humahatol sa aking sarili. Malinis ang aking budhi, subalit hindi iyon katibayan na ako'y walang kasalanan. Ang Panginoon ang humahatol sa akin. Kaya't huwag kayong humatol nang wala pa sa panahon; maghintay kayo sa pagdating ng Panginoon. Siya ang maglalantad ng mga bagay na ngayo'y natatago sa kadiliman at maghahayag ng mga lihim na hangarin ng bawat isa. Sa panahong iyon, bawat isa'y bibigyan ng Diyos ng angkop na parangal. — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 144:18, 21

PROPE est Dóminus ómnibus invocántibus eum: ómnibus, qui ínvocant eum in veritáte.
V. Laudem Dómini loquétur os meum: et benedícat omnis caro nomen sanctum eius.

Allelúia, allelúia. **V.** Veni, Dómine, et noli tardáre: reláxa facínora plebis tuæ Israëli.
Allelúia.

MALAPIT ang Poon sa lahat ng tumatawag sa kanya: lahat ng mga tumatawag sa kanya sa katotohanan.

V. Purihin ng aking bibig ang kaluwalhatian ng Panginoon, at nawa'y lahat ng mga may laman ay purihin ang kanyang banal na ngalan.

Aleluya, aleluya. **V.** Pumarito ka, Panginoon, at huwag kang magpaliban: patawarin mo nawa ang sala ng iyong bayang Israel. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Lc 3:1-6

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

IKALABINLIMANG taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea at si Herodes ang pinuno sa Galilea. Ang kapatid nitong si Felipe ang pinuno sa lupain ng Iturea at Traconite at si Lisania ang pinuno sa Abilinia. Nang sina Anas at Caifas ang mga pinakapunong pari ng mga Judío, si Juan na anak ni Zacarias ay nakatira sa ilang. Ipinahayag ng Diyos ang kanyang salita kay Juan, kaya't nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan. Siya'y nangaral, “Pagsisihan at talikuran ninyo ang inyong mga kasalanan at magpabautismo kayo upang kayo'y patawarin ng Diyos.” Sa gayon, natupad ang nakasulat sa aklat ni Propeta Isaias, “Ito ang pahayag ng isang taong sumisigaw sa ilang: * *Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon.* * *Gumawa kayo ng mga tuwid na landas na kanyang lalakaran! Matatambakan ang bawat libis, at mapapatag ang bawat burol at bundok. Magiging tuwid ang daang liku-liku, at patag ang daang baku-bako.* * *At makikita ng labat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos!*” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Lc 1:28

AVE, María, gratia plena; Dóminus tecum: benedícta tu in muliéribus, et benedíctus fructus ventris tui.

ABA, Ginoong María, napupuno ka ng grasya: pinagpala ka sa babaeng lahat at pinagpala naman ang bunga ng iyong sinapupunan.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SACRIFICIIS præsentibus, quæsumus, Dómine, placátus inténde: ut et devotióni nostræ proficiant et salúti. Per Dominum.

ITONG mga alay na aming inihahain sa inyo, Panginoon, nawa'y tingnan niyo at paunlakan, nang ito ay maging kapaki-pakinabang para sa aming pamimintuho at kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Hesukristo...

▪ **Prepasyo ng Banal na Santatlo o ng Adbiyento:**

PREPASYO NG ADBIYENTO *

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus: per Christum Dominum nostrum.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan: sa pamamagitan ni Kristo naming Panginoon.

Quem perditó hominum generi Salvatorem misericors et fidelis promisisti : cuius veritas instniet in scios, sanctitas iustificaret impios, virtus adiuveret infirmos.

Sa iyong awa't katapatan, nangako ka ng isang Manliligtas sa sangkatauhang naligaw ng landas, upang turuan sila ng Kaniyang katotohanan, ibalik ang masasama sa kabanalan, at lingapin ang tanang mahihina.

Dum ergo prope est ut veniat quem missurus es, et dies affulget liberationis nostræ, in hac promissionum tuarum fide, piis gaudiis exsultamus.

Ngayong nalalapit na ang panahon ng kaniyang pagdating, kami'y nagdiriwang sapagka't ipinahahayag mo ang dakilang araw ng aming kalayaan na may pag-asa't pananalig sa Iyong mga ipinangako.